# Pagsasaklaw ng Medicare ng Mga Supply, Serbisyo, at Programa sa Prebensiyon ng Diyabetis

CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

**Ang opisyal na buklet ng pamahalaang ito ay may mahalagang impormasyon tungkol sa:**

- Ano ang sinasakop
- Mga paraan sa pananatiling malusog
- Saan makakakuha ng karagdagang impormasyon

DEPARTMENT OF HEALTH & HUMAN SERVICES · USA

Isinasalarawan sa buklet na ito ang Programang Medicare sa panahon kung kailan nai-print ang buklet. Maaaring may mga pagbabago matapos ng pag-print. Pumunta sa Medicare.gov, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para makuha ang pinakabagong impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang “Mga Pagsasaklaw ng Medicare sa Mga Supply, Serbisyo, at Programa sa Prebensiyon ng Diyabetis” ay hindi isang legal na dokumento. Ang opisyal na legal na gabay sa Programang Medicare ay nasa mga makabuluhang batas, regulasyon at mga kautusan.

# Talaan ng mga Nilalaman

**Panimula** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 4

**Seksyon 1: Ang Pagsakop ng Medicare sa Diyabetis Sa-Isang-Tingin** . . . . . . . . . . 5

**Seksyon 2: Mga Sakop na mga Suplay sa Diyabetis sa Medicare Bahagi B** . . . . . . 9

Mga kagamitan at mga suplay sa sariling-pagsusuri ng blood sugar. . . . . . . . 10

Pangbomba ng Insulin . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 13

Mga terapewtikang sapatos o mga paningit . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 13

Pagpapalit ng nawala o nasirang matibay na kagamitang medikal o mga suplay sa isang sakuna o emerhensiya. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 14

**Seksyon 3: Nasasaklawan ng Medicare Mga Gamot na Mga para sa Diyabetis** . . 15

Insulin . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 16

Mga anti-diyabetis na gamot . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 16

Mga suplay sa diyabetis supplies . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 17

**Seksyon 4: Mga Screening at Serbisyong Nasasaklawan ng Medicare para sa Diyabetis** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 19

Mga pagsusuri sa diyabetis . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 20

Programang Prebensiyon ng Diyabetis ng Medicare . . . . . . . . . . . . . . . . 20

Pagsasanay para sa sariling-pamamahala ng diyabetis . . . . . . . . . . . . . . 21

Mga serbisyong terapewtika sa pagkaing medikal . . . . . . . . . . . . . . . . 24

Pagsusuri at paggamot sa paa . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 25

Mga pagsusuri sa hemoglobin A1C . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 25

Ang mga pagsusuri sa glakoma . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 25

Mga iniksyon sa trangkaso at pneumococcal (mga bakuna) . . . . . . . . . . . . 26

Ang panghadlang na pagbisita sa “Malugod na Pagsali sa Medicare” . . . . . . . 26

Taunang pagbisita sa “Mabuting Kalagayan” . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 26

Mga suplay at mga serbisyo na hindi sakop ng Medicare. . . . . . . . . . . . . . 26

**Seksyon 5: Mga Makatutulong na Paalala at mga Pinagkukunan.** . . . . . . . . . . 27

Mga numero ng telepono at mga websites . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 28



# Panimula

**Ang libritong ito ay nagpapaliwanag ng pagsakop ng Medicare sa mga gamit at mga serbisyo sa diyabetis sa Orihinal na Medicare at sa mga pagsakop sa inireresetang gamot sa Medicare (Bahagi D).**

Ang Medicare ay ang pederal na programa ng pangkalusugang insurance para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda, ilang taong wala pang 65 taong gulang na may mga kapansanan, at mga taong may End-Stage Renal Disease (permanenteng pagpalya ng kidney na nangangailangan ng dialysis o transplant, kung minsan ay tinatawag na ESRD).

Kasama ng Orihinal na Medicare ang Medicare Part A (Pang-ospital na Insurance) at Medicare Part B (Pang-medikal na Insurance). Maaari kang sumali sa hiwalay na plano ng gamot ng Medicare para makakuha ng pagsasaklaw sa gamot ng Medicare (Part D). Sinasaklawan ng Medicare ang karamihan— pero hindi lahat—ng mga gastos sa mga serbisyo sa pag-aalaga ng kalusugan at mga supply.

Ang Medicare Advantage (kilala rin bilang Part C) isang aprubado ng Medicare na plan mula sa pribadong kompanya na naghahadog ng alternatibo sa Orihinal na Medicare para sa iyong pagsasaklaw sa kalusugan at gamot. Kasama sa mga "bundled" na planong ito ang Part A, Part B, at karaniwan Medicare na pagsasaklaw sa gamot (Part D).

## Maaaring makatulong na maunawaan ang mga terminong ito habang binabasa mo ang buklet na ito:

**Kabahagi sa Seguro:** Halaga na maaaring kailangan mong bayaran bilang bahagi ng iyong gastos para sa mga serbisyo matapos mong bayaran ang mga maibabawas. Ang kabahagi sa seguro ay karaniwang isang porsiyento (halimbawa, 20%).

**Kabahagi sa Binabayaran:** Halaga na maaaring kailangan mong bayaran bilang bahagi ng iyong gastos para sa isang serbisyo medikal o gamit, katulad ng pagbisita sa doktor, pagbisita sa panlabas na pasyente sa ospital, o inireresetang gamot. Ang kabahagi sa binabayaran ay karaniwang isang takdang halaga, sa halip na isang porsiyento. Halimbawa, maaaring magbayad ka ng $10 o $20 para sa pagbisita sa doktor o inireresetang gamot.

**Maibabawas:** Ito ang dapat mong bayarang halaga para sa pag-aalaga ng kalusugan o mga reseta bago magsimulang magbayad ang Original na Medicare, ang iyong Medicare Advantage Plan, ang iyong Medicare na plano ng gamot o iba mong insurance.

**Matitibay na medikal na kagamitan:** Ilang medikal na kagamitan, tulad ng walker, wheelchair, o hospital bed, na in-order ng iyong doktor para magamit sa bahay.

**Halagang Inaprobahan ng Medicare:** Sa Original Medicare, ito ang halaga na maaaring ibayad sa doktor o supplier na tumatanggap ng pagtatalaga. Ang **pagtatalaga** ay kasunduan ng iyong doktor, tagapaglaan o supplier na ba direktang babayaran ng Medicare, para tumanggap ng halaga ng bayad na inaprubahan ng Medicare para sa serbisyo at huwag kang singilin para sa anumang higit pa kaysa sa maikakaltas sa Medicare at coinsurance. Maaaring mas mababa ito sa aktuwal na halagang sinisingil ng doktor o supplier. Nagbabayad ang Medicare ng bahagi ng halagang ito at responsable ka sa kaibahan.

SEKSYON 1

# Ang Pagsakop ng Medicare sa Diyabetis Sa-Isang-Tingin

Nagbibigay ang chart sa pahina 6–8 ng mabilis na kabuuang pananaw ng ilan sa mga serbisyo at supply para sa diyabetis na nasasaklawan ng Medicare Part B (Medikal na Insurance) at Medicare na pagsasaklaw sa sa gamot (Part D).

Sa pangkalahatan, sinasaklawan din ng Part B ang mga serbisyo na maaaring makaapekto sa mga taong may diyabetis. Sinasaklawan din ng Part B ang ilang pang-iwas na serbisyo para sa mga tao na nasa peligrong magka-diyabetis. Dapat ay mayroon kang Part B para makakuha ng mga serbisyo at supply na nasasaklawan sa ilalim ng Part B.

Nasasaklawan ng Part D ang mga supply para sa diyabetis na ginamit para maihatid ang mga dosis ng insulin. Dapat kang sumali sa pagsasaklaw sa gamot ng Medicare para makakuha ng mga supply na nasasaklawan ng Part D.

| Suplay/ serbisyo | Ano ang sakop | Ano ang babayaran mo |
|---|---|---|
| **Mga gamot na anti-diyabetis**<br>Tingnan sa pahina 16 | Sinasaklawan ng Part D ang mga gamot panlaban sa diyabetis para sa pagpapanatili ng asukal sa dugo (glucose). | Kabahagi sa seguro o kabahagi sa binabayaran<br><br>Ang maibabawas sa Bahagi D ay maaari ring magamit. |
| **Mga pagsusuri ng diyabetis**<br>Tingnan sa pahina 20 | Sinasaklawan ng Part B ang mga screening na ito kung madetermina ng doktor mo na nasa peligro kang magka-diyabetis. Maaaring nararapat ka hanggang sa 2 pagsusuring screening ng diyabetis sa bawat taon. | Walang kabahagi sa seguro, kabahagi sa binabayaran, o maibabawas sa Bahagi B. |
| **Programang Prebensiyon ng Diyabetis ng Medicare**<br>Tingnan ang pahina 20–21 | Sinasaklawan ng Part B ang minsan sa bawat habang buhay na programa sa pagbabago ng kalusugan ng asal para tulungan kang maiwasan ang diyabetis. | Wala para sa mga serbisyong ito kung nararapat ka |
| **Pagsasanay sa sariling-pamamahala ng diyabetis**<br>Tingnan sa mga pahina 21-24 | Sinasaklawan ng Part B ang pagsasanay sa sariling pamamahala ng diyabetis para sa mga taong kamakailang na-diyagnose na may diyabetis o nasa peligro para sa mga kumplikasyon mula sa diyabetis. Para masaklawan ng Medicare ang mga serbisyong ito, ang doktor mo o ibang tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan ay dapat mag-utos nito, at ang isang akreditadong indibiduwal o programa ay dapat maglaan ng mga serbisyo. | 20% ng aprubado ng Medicare na halaga makalipas ang taunang Part B na makakaltas |
| **Kagamitan at mga supply para sa diyabetis**<br>Tingnan sa mga pahina 10-13. | Nasasaklawan ng Part B ang pambahay na monitor at supply para sa asukal sa dugo (glucose) na ginagamit mo kasama ang kagamitan, kabilang ang mga test strip para sa asukal sa dugo, mga aparato para sa lancet at mga lancet. Maaaring may mga limitasyon kung gaano karami o gaano kadalas ka nakakakuha ng mga supply na ito. Nasasaklawan ng Part B ang mga insulin pump na tinuturing na matibay na medikal na kagamitan. | 20% ng halagang inaprobahan ng Medicare matapos ang taunang maibabawas sa Bahagi B<br><br>**Simula sa Hulyo 1, 2023**, kapag gumamit ka ng insulin sa pamamagitan ng tradisyonal na pump na nasasaklawan sa ilalim ng matitibay na medikal na kagamitang benepisyo ng Medicare, hindi ka magbabayad ng mahigit sa $35 para sa isang buwang supply ng insulin. Hindi ilalapat ang Part B na makakaltas. |
| **Mga suplay sa diyabetis**<br>Tingnan sa pahina 17 | Sinasaklawan ng Part D ang ilang medikal na supply para mailapat ang insulin (tulad ng mga hiringgilya, karayom, alcohol swab, gasa, at mga aparato para sa insulin pump na hindi sinasaklawan sa ilalim ng Part B na matitibay na medikal na kagamitang benepisyo). | Kabahagi sa seguro o kabahagi sa binabayaran<br><br>Ang maibabawas sa Bahagi D ay maaaring magamit |

| Suplay/ serbisyo | Ano ang sakop | Ano ang babayaran mo |
|---|---|---|
| **Trangkaso at mga iniksyon sa pneumococcal**<br>Tingnan sa pahina 26 | **Iniksyon sa trangkaso** — Para makatulong na maiwasan ang trangkaso o virus ng flu. Sinasaklawan ng Part B ang iniksiyong ito minsan kapag panahon ng trangkaso sa taglagas o taglamig para maiwasan ang trangkaso o flu virus.<br><br>**Iniksiyon sa Pneumococcal** — Sinasaklawan ng Part B ang iniksiyong ito para makatulong sa pag-iwas sa mga pneumococcal na impeksyon (tulad ng ilang uri ng pulmunya). | Walang kabahagi sa seguro, walang kabahagi sa binabayaran, o maibabawas sa Bahagi B kung ang iyong doktor o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay tumatanggap ng pagtatalaga. |
| **Mga pagsusuri at paggamot sa paa**<br>Tingnan sa pahina 25 | Sinasaklawan ng Part B ang eksaminasyon ng paa tuwing 6 na buwan kung mayroon kang diabetic peripheral neuropathy at kawalan ng pamproteksyong pakiramdam, sa kundisyon na hindi ka nagpatingin sa propesyonal sa pag-aalaga ng paa para sa ibang dahilan sa pagitan ng mga pagpapatingin. | 20% ng halagang inaproban ng Medicare matapos ang taunang maibabawas sa Bahagi B |
| **Pagsusuri sa glakoma**<br>Tingnan sa pahina 25 | Sinasaklawan ng Part B ang pagsusuring ito minsan tuwing 12 buwan kung nasa mataas kang peligro para sa glaucoma. Ang doktor na legal na pinahintulutan ng estado ay dapat gumawa ng pagsusuri. | 20% ng halagang inaprobahan ng Medicare matapos ang taunang maibabawas sa Bahagi B |
| **Insulin**<br>Tingnan sa pahina 16 | Ang Bahagi D ay sumasakop sa insulin na hindi pinangasiwaan ng pangbomba ng insulin. | Ang halaga ng isang buwang supply ng bawat Part D-na nasasaklawang insulin ay naka-cap sa $35. Hindi mo kailangang bayaran ang na makakaltas. |

| Suplay/ serbisyo | Ano ang sakop | Ano ang babayaran mo |
|---|---|---|
| **Mga pangbomba ng Insulin**<br>Tingnan sa pahina 13 | Sinasaklawan ng Part B ang panlabas na matitibay na insulin pump at ang insulin na ginagamit ng pump sa ilalim ng matibay na medikal na kagamitan kung natutugunan mo ang ilang mga kundisyon. | 20% ng inaprobahang halaga ng Medicare matapos ang taunang maibabawas sa Bahagi B<br><br>**Simula sa Hulyo 1, 2023**, kapag gumamit ka ng insulin sa pamamagitan ng tradisyonal na pump na nasasaklawan sa ilalim ng matitibay na medikal na kagamitang benepisyo ng Medicare, hindi ka magbabayad ng mahigit sa $35 para sa isang buwang supply ng insulin. Hindi ilalapat ang Part B na makakaltas. |
| **Mga serbisyo sa panglunas na pagkaing medikal**<br>Tingnan sa pahina 24-25 | Maaaring saklawin ng Part B ang medikal na nutrisyong therapy at ilang mga kaugnay na serbisyo kung mayroon kang sakit na diyabetis o sa kidney. Dapat kang isangguni ng iyong doktor o ibang tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan sa mga serbisyong ito. | Walang kabahagi sa binabayaran, kabahagi sa seguro, o maibabawas sa Bahagi B kung ang iyong doktor o tapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay tumatanggap ng pagtatalaga |
| **Terapewtikang sapatos o mga paningit**<br>Tingnan sa pahina 13-14 | Sinasaklawan ng Part B ang mga therapeutic na sapatos o mga insert kung mayroon kang diyabetis at malalang diyabetikong sakit sa paa. | 20% ng halagang inaprobahan ng Medicare matapos ang taunang maibabawas sa Bahagi B |
| **“Malugod na Pagtanggap sa Medicare” na panghadlang na pagbisita**<br>Tingnan sa pahina 26 | Sa loob ng unang 12 buwan na mayroon kang Part B, sinasaklawan ng Medicare ang minsanang pagrepaso ng iyong kalusugan at edukasyon at pagpapayo tungkol sa mga pang-iwas na serbisyo, kasama ang mga ilang screening, iniksyon at referral sa ibang pag-aalaga, kung kailangan. | Walang kabahagi sa binabayaran, kabahagi sa seguro, o maibabawas sa Bahagi B kung ang iyong doktor o ibang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay tumatanggap ng pagtatalaga |
| **Taunang “Mabuting Kalagayan” pagbisita**<br>Tingnan sa pahina 26 | Kung mayroon ka ng Bahagi B ng mahigit sa 12 buwan, maaari kang makakuha ng taunang “Mabuting Kalagayan” pagbisita upang mabuo o magpabago ng isang pansariling plano ng panghadlang batay sa iyong kasalukuyang kalusugan at mga sanhi ng panganib. | Walang kabahagi ng binabayaran, o kabahagi ng seguro o maibabawas sa Bahagi B kung ang iyong doktor o tagapagkaloob ng pangkalusugang pangangalaga ay tumatanggap ng pagtatalaga<br><br>Kung nagkaroon ka ng pagbisitang “Welcome sa Medicare”, kailangan mong maghintay ng 12 buwan bago mo makukuha ang una mong taunang “Wellness” na pagbisita. |

SEKSYON 2

# Mga Sakop na mga Suplay sa Diyabetis sa Medicare Bahagi B

Ang seksiyon na ito ng impormasyon tungkol sa Part B (Medical na Insurance) at ang pagsasaklaw nito ng mga supply para sa diyabetis. Sinasaklawan ng Medicare ang ilang mga supply kung mayroon kang diyabetis at ng Part B, kasama ang:

- **Mga kagamitan at suplay sa sariling-pagsusuri ng blood sugar**. Tingnan sa pahina 10–12.
- **Mga pangbomba ng Insulin**. Tingnan sa pahina 13.
- **Mga terapewtikang sapatos o mga paningit.** Tingnan sa pahina 13–14.

## Mga kagamitan at mga suplay sa sariling-pagsusuri ng blood sugar

Nasasaklawan ng Part B ang kagamitan sa sariling pagsusuri ng asukal sa dugo (tinatawag ding blood glucose) at mga supply bilang matitibay na medikal na kagamitan.

**Ang mga suplay para sa sariling-pagsusuri ay kasama ang:**

- **Mga pangmasid ng blood sugar**
- **Mga istrip na pangsuri ng blood sugar**
- **Mga aparatong lanseta at mga lanseta**
- Mga **solusyon pagsugpo ng glukos** para sa pagsiyasat sa katumpakan ng kagamitang pangsuri at mga istrip na pangsuri

Subalit, ang halaga ng mga supply na nasasaklawan ng Part B ay iba-iba.

- Kung gumagamit ka ng insulin, maaaring makakuha ka ng hanggang 300 test strip at 300 lancet tuwing 3 buwan.
- Kung hindi ka gumagamit ng insulin, maaaring makakuha ka ng 100 test strip at 100 lancet tuwing 3 buwan.

Kapag sinabi ng doktor mo na medikal itong kailangan, at kung natutugunan mo ang ibang inaatas, **papayagan ka ng Medicare na makakuha ng karagdagang mga test strip at lancet**. Maaaring kailangan mong magtabi ng talaan na nagpapakita kung gaano kadalas mo aktuwal na sinusuri ang sarili mo.

Maaaring saklawin ng Medicare ang patuloy na glucose monitor (receiver) at mga nauugnay na supply (mga sensor at transmitter) kung sinabi ng iyong doktor na natutugunan mo ang lahat ng kinakailangan para sa pagsasaklaw ng Medicare.

Kailangan sa mga inaatas ang pangangailangang:

- Madalas suriin ang asukal mo sa dugo (4 o mas marami pang beses isang araw), at
- Gumamit man ng insulin pump o kumuha ng 3 o higit pang iniksiyon ng insulin bawat araw.

Dapat ka ring gumawa ng rutinang personal na pagbisita sa doktor mo.

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga supply ng diyabetis, pumunta sa Medicare.gov/coverage. Maaari ka ring tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

## Mga kagamitan at mga suplay sa sariling-pagsusuri ng blood sugar (karugtong)

**Ano ang kailangan ko mula sa aking doktor upang makakuha ng ganitong mga sakop na suplay?**

Sasakupin lang Medicare ang iyong mga kagamitan at mga suplay sa sariling-pagsusuri ng iyong blood sugar kung kukuha ka ng reseta sa iyong doktor. Ang reseta ay kailangang magsaad:

- Kung mayroon kang diyabetis.
- Kung anong uri ng pangmasid sa blood sugar ang kailangan mo at kung bakit mo kailangan ito. (Kung kailangan mo ng espesyal na pangmasid dahil sa mga problema sa paningin, kailangan itong ipaliwang ng iyong doktor.)
- Kung gumagamit ka ng insulin.
- Gaano kadalas ka nagsusuri ng iyong blood sugar.
- Gaano karaming mga istrip na pangsuri at mga lanseta ang kailangan mo sa isang buwan.

**Tandaan:**

- Kailangan mong humingi ng mga pamalit para sa iyong mga suplay.
- Kailangan mo ng bagong reseta mula sa iyong doktor para sa iyong mga lanseta at mga istrip na pangsuri tuwing 12 buwan.

**Saan ko maaring makuha itong mga suplay?**

- Maaari kang magbilin at kunin ang iyong mga suplay sa iyong parmasya.
- Maaari kang magbilin ng iyong mga suplay mula sa isang tagapagtustos ng kagamitang medikal. Karaniwan, ang isang "tagapagtustos" ay alinmang kompanya, tao, o ahensiya na magbibigay sa iyo ng isang bagay or serbisyong medikal, maliban kung ikaw ay isang panloob na pasyente sa isang ospital o pasilidad ng sanay na pangangalaga. Kung kukuha ka ng iyong mga suplay sa ganitong paraan, kailangan mong ilagay ang iyong bilin ng sarili mo. Kailangan mo ng isang reseta mula sa iyong doktor upang ilagay ang iyong bilin, ngunit hindi maibibilin ng iyong doktor para sa iyo ang mga suplay.

**Aling tagapagtustos o parmasya ang kailangan kong gamitin?**

Kailangan mong kumuha ng mga suplay mula sa isang parmasya o tagapagtustos na nagpatala sa Medicare. Kung pupunta ka sa isang parmasiya o tagapagtustos na hindi nagpatala sa Medicare, hindi ito babayaran ng Medicare. **Kailangan mong bayaran ang buong singil para sa alinmang mga suplay mula sa isang hindi-nagpatalang mga parmasya o mga hindi-nagpatalang mga tagapagtustos.**

Bago ka kumuha ng tagapagtustos mahalagang itanong sa tagapagtustos o parmasya ang ganitong mga tanong:

- Nagpatala ka ba sa Medicare?
- Tumatanggap ka ba ng pagtatalaga?

Kung ang sagot sa alinman sa 2 tanong ay "hindi," kailangan mong tumawag sa ibang tagapagtustos o parmasya sa iyong lugar na sasagot ng "oo" upang makasiguro na ang iyong bibilhin ay sakop ng Medicare, at upang makatipid ka ng pera.

## Mga kagamitan at mga suplay sa sariling-pagsusuri ng blood sugar (karugtong)

Para humanap ng supplier na naka-enroll sa Medicare, bumisita sa Medicare.gov/medicalequipment-suppliers. O, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

**Tala:** Hindi babayaran mg Medicare ang mga suplay na hindi mo hiningi, o ng kahit anong mga suplay na ipinadala sa iyo ng awtomatiko mula sa mga tagapagtustos, kasama na ang mga pangmasid ng blood sugar, mga istrip na pangsuri, at mga lanseta. Kung kumukuha ka ng mga suplay na ipinadadala sa iyo ng awtomatiko, nakakatanggap ng mga anunsiyo na nakakalinlang, o naghininala ng panglologo kaugnay ang iyong mga suplay sa diyabetis, tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227).

**Paano babayaran ang mga kahilingan?**

Lahat ng mga parmasya at supplier na naka-enroll sa Medicare ay dapat magsumite ng mga paghabol para sa mga monitor sa asukal sa dugo (glucose), mga test strip, at ibang mga bagay na nasasaklawan sa ilalim ng benepisyo para sa matibay na medikal na kagamitan. Hindi ka makakapagsumite ng paghabol para sa monitor ng asukal sa dugo o mga test strip ng ikaw mismo.

**Ano ang dapat kong ibayad?**

Hindi lalagpas sa halaga ng coinsurance ang babayaran mo kapag kinuha mo ang mga supply mo mula sa parmasya o supplier na tumanggap ng pagtatalaga. Kapag **hindi** tinanggapa ng iyong parmasya o supploer ang pagtatalaga, maaaring mas mataas ang mga singil at maaaring mas malaki ang babayaran mo. Maaaring kailangan mo ring bayaran ang buong singil sa oras ng serbisyo at hintaying ipadala sa iyo ng Medicare ang bahagi nito ng halaga.

## Pangbomba ng Insulin

Simula sa Hulyo 1, 2023, ang iyong gastos para sa isang buwang supply ng Part B-na nasasaklawang insulin para sa iyong matibay na medikal na kagamitan (DME) na pump ay hindi maaaring higit sa $35, at ang Part B na makakaltas ay hindi malalapat.

Kung meron kang Medicare Supplement Insurance (Medigap) na nagbabayad sa iyong Part B na coinsurance, dapat saklawan ng planong iyon ang $35 (o mas kaunti) na gastos para sa insulin. Magtanong sa plano mo para malaman kung binabayaran ito ang iyong Part B na coinsurance.

Kung gagamit ka ng insulin pump na isinusuot sa labas ng katawan (panlabas) na hindi disposable, maaaring sakop ng Part B ang insulin na ginamit kasama ng pump at takpan ang pump mismo bilang DME. Kung nakatira ka sa ilang partikular na lugar ng bansa, maaaring kailanganin mong gumamit ng partikular na mga supplier ng insulin pump para sa Medicare upang magbayad para sa isang matibay na insulin pump.

**Paano ako makakakuha ng isang pangbomba ng insulin?**

Kung kailangan mong gumamit ng isang pangbomba ng insulin, irereseta ito sa iyo ng iyong doktor.

**Tala:** Sa Orihinal na Medicare, magbabayad ka ng 100% para sa mga supply na nauugnay sa insulin (tulad ng mga hiringgilya, karayom, alcohol swab, at gasa), maliban kung mayroon kang Part D. Para sa mga pump, tubing, at anumang iba pang supply, magbabayad ka ng 20% ng inaprubahan ng Medicare na halaga pagkatapos ng taunang mababawas na Bahagi B.

## Mga terapewtikang sapatos o mga paningit

Kung mayroon kang Bahagi B, may diyabetis, at tumutugon sa ilang mga kondisyon (tingnan ang pahina 14), sasakupin ng Medicare ang mga terapewtikang sapatos kung kailangan mo ito.

Kasama sa mga klase ng sapatos na nasasaklawan ng Part B bawat taon ang **isa** sa mga ito:

- Isang pares ng malalim-na-kalupkop na sapatos at 3 pares ng mga paningit
- Isang pares ng ipinasadyang-ihulma na sapatos (kasama ang mga paningit) kung hindi ka makapagsusuoit ng malalim-na-kalupkop na sapatos dahil sa isang kapinsalaan sa paa, at 2 karagdagang pares ng mga paningit

**Tala:** Sa ilang mga kaso, maaaring sakupin ng Medicare ang nakahiwalay na mga paningit o pagbabago sa sapatos sa halip na mga paningit.

## Mga terapewtikang sapatos o mga paningit (karugtong)

**Paano ako makakakuha ng mga terapewtikang sapatos?**

Para bayaran ng Medicare ang iyong mga terapewtikang sapatos, kailangang patunayan ng doktor na gumagamot sa iyong diyabetis na natutugunan mo itong 3 kondisyon:

1. Mayroon kang diyabetis.
2. Mayroon kang kahit isa sa mga kondisyon sa isa o pareho mong paa:
    - Bahagi o kompletong pagputol ng paa
    - Nakaraang ulser sa paa
    - Mga kalyo na nagtutungo sa mga ulser sa paa
    - Pinsala sa nerbiyos dahil sa diyabetis na may kasamang palatandaan ng mga problema sa mga kalyo
    - Mahinang sirkulasyon
    - Isang nasirang paa
3. Ikaw ay ginagamot sa ilalim ng isang komprehensibong plano ng pangangalaga sa diyabetis at kailangan ang mga terapewtikang sapatos at/o mga paningit dahil sa diyabetis

Kailangan rin ng Medicare ang:

- Reseta ng podiatrist o ibang kuwalipikadong tagapaglaan ng pag-aalaga para sa sapatos.
- Isang doktor o ibang kuwalipikadong indibiduwal kagaya ng pedortista, ortotista, o prostetista ang magsusukat at magbibigay ng mga sapatos

## Pagpapalit ng nawala o nasirang matibay na kagamitang medikal o mga suplay sa isang sakuna o emerhensiya

Kung binayaran na ng Orihinal na Medicare ang matibay na kagamitang medikal (tulad ng tradisyonal na insulin pump) o mga suplay (tulad ng mga suplay ng diyabetis) na nasira o nawala dahil sa isang emerhensiya o sakuna:

- Sa ilang kaso, sasakupin ng Medicare ang gastos para ipagawa o palitan ang iyong kagamitan o mga suplay
- Karaniwan, sasakupin rin ng Medicare ang gastos para sa pagrenta ng mga gamit (tulad ng mga wheelchair) sa panahon na ang iyong kagamitan ay pinapagawa.

Para sa impormasyon kung paano papalitan ang iyong kagamitan o mga supply, pumunta sa Medicare.gov o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

SEKSYON

3

# Nasasaklawan ng Medicare Mga Gamot na Mga para sa Diyabetis

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa Medicare na pagsasaklaw sa (Part D) para sa mga tao na may Medicare na mayroon o nasa peligrong magkaroon ng diyabetis. Para makuha ang pagsasaklaw sa gamot ng Medicare, dapat kang sumali sa planong gamot ng Medicare o Medicare Advantage Plan na may pagsasaklaw sa gamot. Sinasaklawan ng Medicare Part D ang insulin, mga gamot panlaban sa diyabetis, at ilang supply na kaugnay ng iyong insulin.

## Insulin

Ang halaga ng isang buwang supply ng bawat insulin na sakop ng Part D ay nililimitahan sa $35, at hindi mo kailangang magbayad ng makakaltas para sa insulin. Nalalapat ito sa lahat ng gumagamit ng insulin, kahit na makakuha ka ng Karagdagang Tulong (isang programa ng Medicare upang tulungan ang mga taong may limitadong kita at mga mapagkukunan na magbayad ng mga premium ng Medicare Part D, mga makakaltas, coinsurance, at iba pang mga gastos). Kung makakakuha ka ng 60- o 90-araw na supply ng insulin, ang iyong mga gastos ay hindi maaaring higit sa $35 para sa bawat buwan na supply ng bawat sakop na insulin. Halimbawa, kung makakakuha ka ng 60-araw na supply ng insulin na sakop ng Part D, sa pangkalahatan ay hindi ka magbabayad ng higit sa $70.

**Kung gumagamit ka ng insulin, maaari kang makakuha ng tulong sa paghahambing ng mga plano sa gamit at gastos sa Medicare:**

- Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Puwedeng tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.
- Kontakin ang iyong State Health Insurance Assistance Program (SHIP) para makakuha ng libreng, pinasadyang pagpapayo sa pangkalusugang insurance.

**Tala:** Simula sa Hulyo 1, 2023, ilalapat ang mga katulad na limitasyon sa mga gastos para sa insulin na ginagamit sa mga tradisyonal na insulin pump (saklaw sa ilalim ng Part B).

## Mga anti-diyabetis na gamot

Ang asukal sa dugo (glucose) na hindi kontrolado ng insulin ay minementina ng mga anti-diabetic na gamot. Masasaklawan ng Medicare Part D ang iba't ibang anti-diabetic na gamot. Magtanong sa plano mo para malaman kung aling mga partikular na gamot ang masasaklawan nila.

## Mga suplay sa diyabetis supplies

Ang mga supply na direktang kaugnay ng paghahatid ng insulin sa katawan ay nasasaklawan kung mayroon kang pagsasaklaw sa gamot ng Medicare at diyabetis. Kasama sa mga medikal na supply na ito ang:

- Mga alcohol swab
- Gasa
- Mga karayom
- Mga hiringgilya

## Para sa karagdagang impormasyon

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagsakop sa gamot sa Medicare:

- Bumisita sa Medicare.gov/drug-coverage-part-d.
- Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.
- Tawagan ang iyong State Health Insurance Assistance Program (SHIP) para sa libreng pagpapayo sa pangkalusugang insurance. Para makuha ang numero ng telepono nila, pumunta sa shiphelp.org, o tumawag sa 1-800-MEDICARE.

# Mga Tala

SEKSYON

# 4 Mga Screening at Serbisyong Nasasaklawan ng Medicare para sa Diyabetis

Sinasaklawan ng Part B ang ilang mga serbisyo, mga screenings, at pagsasanay para matulungan kang maiwasan, matukoy at gamutin ang diyabetis.

Sa pangkalahatan, dapat kang isangguni ng doktor mo para makuha ang mga serbisyong ito, kabilang ang:

- **Mga pagsusuri ng diyabetis.** Tingnas sa pahina 20.
- **Programang Prebensiyon ng Diyabetis ng Medicare.** Tingnan ang pahina 20 -21.
- **Pagsasanay sa sariling-pamamahala ng diyabetis.** Tingnan ang pahina 21–24.
- **Mga serbisyo terapewtika para sa pagkaing medikal.** Tingnan ang pahina 24-25.
- **Mga pagsusuri sa Hemoglobin A1C.** Tingnan ang pahina 25.

Maaari kang makakuha ng ibang mga serbisyo na sakop ng Medicare kahit walang nakasulat na utos o pangsangguni. Tingnan ang pahina 25 -26.

## Mga pagsusuri sa diyabetis

Binabayaran ng Part B ang mga screening na pagsusuri sa diyabetis kung nasa peligro kang magka-diyabetis. Maaaring nasa peligro ka para sa diyabetis kung mayroon kang:

- Mataas na presyon ng dugo
- Dyslipidemia (kasaysayan ng hindi karaniwang antas ng kolesterol at traygliserayd)
- Sobrang katabaan (nangangahulugang body mass index (BMI) $\geq$ 30)
- Mahinang kakayahan sa glukos (blood sugar)
- Mataas na pag-aayunong glukos (blood sugar)

Maaaring nasa peligro ka rin kung mayroon kang 2 o higit pa sa mga salik ng peligrong ito:

- Kung sobra ang timbang mo (nangangahulugang BMI > 25, pero < 30)
- Kung may kasaysayan ang pamilya mo ng diyabetis
- May kasaysayak ka ng gestational diabetes o nanganak sa baby na ang timbang ay mahigit sa 9 pounds
- Ikaw ay 65 o mas matanda

Maaaring magbayad ang Medicare ng hanggang 2 screening na pagsusuri sa diyabetis sa 12-buwang panahon. Makalipas ang paunang screening na pagsusuri sa diyabetis, aalamin ng doktor mo kung kailangan mo ng pangalawang pagsusuri. Sinasaklawan ng Medicare ang mga screening na pagsusuri sa diyabetis na ito:

- Fasting glucose (asukal) na pagsusuri sa dugo
- Mga ibang pagsusuri sa asukal sa dugo na aprubado ng Medicare bilang naaangkop

Kung sa palagay mo ay maaaring nasa peligro ka para sa diyabetis, kausapin ang doktor mo para malaman kung dapat mong kunin ang mga pagsusuring ito.

## Programang Prebensiyon ng Diyabetis ng Medicare

Sinasaklawan ng Part B ang minsan sa bawat habang buhay na programa sa pagbabago ng kalusugan ng asal para tulungan kang maiwasan ang type 2 diyabetis. Magsisimula ang programang ito sa lingguhang core na sesyong sa setting ng pangkat sa 6 na buwang panahon. Sa mga sesyong ito, makakakuha ka ng:

- Pagsasanay para makagawa ng makatotohanan, nagtatagal na pagbabago sa asal na kaugnay ng diyeta at ehersisyo
- Mga payo kung paano makakuha pa ng ehersisyo.
- Mga istratehiya para kontrolin ang timbang mo
- Isang coach partikular na sinanay para matulungan kang manatiling motivated.
- Suporta mula sa mga taong may katulad na layunin at paghamon

## Programang Prebensiyon ng Diyabetis ng Medicare (karugtong)

Kapag nakumpleto mo ang mga core na sesyon, makakakuha ka ng 6 na buwanang follow-up na sesyon.

Kung sinimulan mo ang Medicare Diabetes Prevention Program noong 2021 o mas maaga, makakakuha ka ng 12 pang buwanang sesyon kung makatutugon ka sa ilang mga layunin sa pagbabawas ng timbang.

Para maging kuwalipikado, mayroon ka dapat:

- Part B (o Medicare Advantage Plan).
- Isang fasting plasma glucose ng 110-125mg/dL, isang 2-oras na plasma glucose ng 140-199 mg/dL (oral glucose tolerance test), o hemoglobin A1C test result sa pagitan ng 5.7 at 6.4% sa loob ng 12 buwan bago dumalo sa unang core session.
- Body mass index (BMI) na 25 o higit pa (BMI na 23 o higit pa kung Asyano ka).
- Walang kasaysayan ng type 1 o type 2 diyabetis.
- Walang End-Stage Renal Disease (ESRD).
- Hindi kailanman lumahok sa Programang Prebensiyon ng

Diyabetis ng Medicare. Wala kang babayaran para sa mga serbisyong ito kung kuwalipikado ka.

Pumunta sa Medicare.gov/coverage/medicare-diabetes-prevention-program para makita ang mga programang ito sa lugar niyo.

## Pagsasanay para sa sariling-pamamahala ng diyabetis

Ang pagsasanay sa sariling pamamahala ng diyabetis ay tumutulong sa iyong matuto kung paano matagumpay na pamamahalaan ang iyong diyabetis. Ang iyong doktor o ibang tagapaglaan ng pag-aalaga ng kalusugan ay dapat magreseta ng pagsasanay na ito para masaklawan ito ng Part B.

Maaari kang makakuha ng pagsasanay sa sariling pamamahala ng diyabetis kung natutugunan mo ang isa sa mga kundisyong ito:

- Na-diagnose ka na may diyabetis.
- Nagpalit ka mula sa walang iniinom na gamot sa diyabetis hanggang sa umiinom ng gamot sa diyabetis o mula sa oral na gamot sa diyabetis hanggang sa insulin.
- Na-diagnose ka na may diyabetis at nasa peligro sa mga kumplikasyon (tingnan sa susunod na pahina).

## Pagsasanay sa sariling-pamamahala ng diyabetis (karugtong)

Ang doktor mo o ibang tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan ay maaaring isaalang-alang ka sa dagdag na peligro kung ang alinman sa mga ito ay mailalapat sa iyo:

- May mga problema ka sa pagkontrol ng asukal mo sa dugo, nagamot sa emergency room, o nanatili magdamag sa ospital dahil sa diyabetis mo.
- Na-diagnose ka na may sakit sa mata na kaugnay ng diyabetis.
- May kakulangan ka sa pakiramdam sa paa mo o ibang problema sa paa tulad ng ulcer, mga deformity o may amputation.
- Na-diagnose ka na may sakit sa kidney na kaugnay ng diyabetis.

Ang iyong doktor o iba pang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ay karaniwang magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa kung saan kukuha ng pagsasanay sa sariling pamamahala sa diyabetes. Dapat mong kunin ang pagsasanay na ito mula sa isang aprubadong indibidwal o programa bilang bahagi ng isang plano ng pangangalaga na inihanda ng iyong doktor o iba pang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan. Ang mga programa ng na ito at mga indibiduwal ay akreditado ng American Diabetes Association o ng American Association of Diabetes Educators.

**Gaanong pagsasanay ang sinasakop?**

Sasaklawan ng Medicare ang hanggang 10 oras ng paunang pagsasanay at 2 oras ng follow-up na pagsasanay kung kailangan mo ito.

Dapat mong makumpleto ang unang pagsasanay nang hindi hihigit sa 12 buwan mula sa oras na sinimulan mo ito. Kasama ng paunang pagsasanay ang 1 oras ng pagsasanay sa one-on-one na batayan. Ang ibang 9 na oras ng paunang pagsasanay ay karaniwang binibigay sa pangkat na setting.

**Mahalaga:** Ang doktor mo o ibang tagapaglaan ng pangangalaga ng kalusugan ay maaaring magreseta ng hanggang 10 oras ng one-on-one na pagsasanay, sa halip na sa pangkat na sesyon. Maaaring kailangan mong kumuha ng one-on-one na pagsasanay kung mahina ang paningin mo, may kapansanan ka sa pagdinig, hirap sa wika o ibang komunikasyon, o may limitasyon sa cognition. Nasasaklawan din ng Medicare ang one-on-one na pagsasanay kung walang magagamit na mga pangkat sa loob ng 2 buwan ng petsa ng order.

## Pagsasanay sa sariling-pamamahala ng diyabetis (karugtong)

Sinasaklawan ng Medicare ang hanggang 2 oras ng follow-up na pagsasanay bawat taon makalipas ang taon kung kailan ka makakatanggap ng paunang pagsasanay kung kailangan mo ito. Ang follow-up na pagsasanay ay maaaring nasa pangkat o one-on-one na mga sesyon. Ang iyong doktor o ibang tagapaglaan sa pag-aalaga ng kalusugan ay dapat magreseta ng follow-up na pagsasanay na ito bawat taon para masaklawan ito ng Medicare.

**Tala:** Makukuha ang pagsasanay sa sariling pamamahala ng diyabetis sa maraming mga Federally Qualified Health Centers (FQHC). Nagbibigay ang mga FQHC ng mga pangunahing pangkalusugang serbisyo at kuwalipikadong mga serbisyo sa mga kulang sa serbisyong medikal na rural at urban na lugar. Ang ilang klase ng mga FQHC ay ang mga Sentro ng Kalusugan sa Komunidad, Sentro ng Kalusugan ng Migrante, Programang Pag-aalaga sa Kalusugan para sa Walang Tahanan, Mga Sentro ng Pangunahing Pag-aalaga sa Pampublikong Pabahay, at mga outpatient na programang pangkalusugan/pasilidad na pinatatakbo ng tribu o tribung organisasyon o ng urban na organisasyong Indian. Hindi mo kailangang bayaran ang Part B na makakaltas. Pumunta sa findahealthcenter.hrsa.gov para makahanap ng sentro ng kalusugan na malapit sa iyo.

**Telehealth:** Maaari kang makakuha ng pagsasanay sa sariling pamamahala ng diyabetis mula sa doktor o ibang tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan na nasa ibang lugar gamit ang audio-lang (tulad ng telepono mo) o audio at video na komunikasyong teknolohiya (tulad ng iyong computer). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyong telehealth, tumawag sa 1-800-MEDICARE: Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

### Ano ang aking matutuhan sa pagsasanay na ito?

Ang unang pagsasanay sa sariling pamamahala ng diyabetis na sesyon ay indibiduwal pa pagtatasa para tulungan ang mga instructor na mas mabuting maunawaan ang mga pangangailangan mo.

Sasakupin sa pagsasanay sa silid-aralanClassroom training ang mga paksa tulad ng mga ito:

- Pangkalahatang impormasyon tungkol sa diyabetis, mga benepisyo ng pagpigil sa blood sugar, at ang mga panganib sa mahinang pagpigil sa blood sugar
- Pagkain at kung paano pamamahalaan ang iyong diyeta
- Mga pagpipilian upang pamahalaan at mapabuti ang pagpigil sa blood sugar

## Pagsasanay sa sariling-pamamahala ng diyabetis (karugtong)

- Ehersisyo at kung bakit ito mahalaga sa iyong kalusugan.
- Paano ang tamang pagkuha ng iyong mga gamot
- Pagsusuri sa blood sugar at kung paano gagamitin ang impormasyon upang mapabuti ang iyong pagpigil sa diyabetis
- Paano ang pag-iwas, pagkilala, at paggamot sa mga talamak at matagal na kumplikasyon mula sa iyong diyabetis
- Pangangalaga sa paa, balat, at ngipin
- Paano makaka-apekto ang diyeta, ehersisyo, at gamotsa blood sugar
- Mga pagbabago sa pag-uugali, pagtakda ng layunin, pagbawas ng panganib, at paglutas ng problema
- Paano isasa-ayos ang damdamin sa pagkakaroon ng diyabetis
- Paglahok at suporta ng pamilya
- Ang paggamit ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan at mga pagkukunan sa komunidad

## Mga serbisyong terapewtika sa pagkaing medikal

Bilang karagdagan sa pagsasanay sa sariling pamamahala ng diyabetis, nasasaklawan ng Part B ang mga serbisyong medikal na nutrisyong therapy kung mayroon kang diyabetis o sakit sa kidney at natutugunan ang ilang pamantayan. At, dapat ireseta ng doktor ang mga serbisyong ito para sa iyo.

Ang isang rehistradong diyatisyan o ilang propesyonal sa pagkain ay makapagbibigay sa iyo ng mga serbisyong ito:

- Isang inisyal na pagtatasa sa nutrisyon at istilo ng pamumuhay
- Pagpapayo sa pagkain (anong pagkain ang kakainin at kung paano susundin ang isang pansariling plano ng pagkain para sa may diyabetis)
- Paano pamamahalaan ang mga kadahilanan sa pamumuhay na makaaapekto sa iyong diyabetis
- Mga follow-up na pagbisita para masuri ang progreso mo sa pamamahala ng iyong diyeta

Tandaan, ang iyong doktor o ibang tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan ng mga serbisyong medikal na nutrisyong therapy bawat taon para bayaran ng Medicare.

## Mga serbisyong terapewtika sa pagkaing medikal (karugtong)

**Tala:** Makukuha ang medical nutrition therapy sa maraming mga Federally Qualified Health Centers. Tingnan ang pahina 24. Pumunta sa findahealthcenter.hrsa.gov para makahanap ng sentro ng kalusugan na malapit sa iyo.

**Telehealth:** Maaari kang makakuha ng medikal na nutrisyong therapy mula sa nakarehistrong dietitian o ibang tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan sa pamamagitan ng telehealth. Alamin ang higit pa ukol sa pahina 23.

## Pagsusuri at paggamot sa paa

Kung mayroon kang pinsala sa nerbiyo na kaugnay ng diyabetis sa alinman sa mga paa mo, sasaklawin ng Part B ang isang eksaminasyon sa paa tuwing 6 na buwan mula sa isang podiatrist o ibang espesyalista na nag-aalaga sa paa, maliban kung nagpatingin ka sa espesyalista sa pag-aalaga ng paa para sa ilang ibang problema sa paa sa nakaraang 6 na buwan. Maaaring saklawin ng Medicare ang mas madalas na mga pagbisita kung nagkaroon ka ng hindi-traumatic (hindi dahil sa pinsala) na amputation ng lahat o bahagi ng paa mo o ang mga paa mo ay nagbago ang itsura na maaaring indikasyon na may malala kang sakit sa paa. Tandaan, dapat kang nasa ilalim ng pag-aalaga ng iyong doktro sa pangunahing pag-aalaga o espesyalista sa diyabetis kapag nagpapagamot ng paa.

## Mga pagsusuri sa hemoglobin A1C

Ang hemoglobin A1C na pagsusuri ay isang pagsusuri sa laboratoryo na sumusukat kung gaano kabuti nakokontrol ang iyong asukal sa dugo sa nakaraang 3 buwan. Kung mayroon kang diyabetis, nasasaklawan ng Part B ang pagsusuring ito kung inutos ito ng iyong doktor.

## Ang mga pagsusuri sa glakoma

Magbabayad ang Part B para magpasuri ka ng mga mata para sa glaucoma minsan bawat 12 buwan kung nasa dagdag na peligro ka para sa glaucoma. Tinuturing kang nasa mataas na peligro para sa glaucoma kung mayroon kang:

- Diabetes mellitus
- May kasaysayan ang pamilya ng glaucoma, o
- Ay African-American at 50 o mas matanda, o
- Ay Hispanic at 65 o mas matanda.

Dapat gawin o pamahalaan ang pagsusuring ito ng doktor sa mata na legal na pinahihintulutang magbigay ng serbisyong ito sa estado mo.

## Mga iniksyon sa trangkaso at pneumococcal (mga bakuna)

Kung may diyabetis ka, may mas mataas kang peligro ng mga kumplikasyon mula sa trangkaso at pulmunya. Mahalagang magpabakuna para mabawasan ang peligrong ito. Magbabayad ang Part B para magpa-iniksyon ka para sa trangkaso sa pangkalahatan minsan kada panahon ng trangkaso. Magbabayad din ang Part B para sa iniksyong pneumococcal para maiwasan ang mga pneumococcal na impeksyon (tulad ng ilang klase ng pulmunya). Kausapin ang doktor mo o ibang tagapaglaan ng pag-aalaga sa kalusugan para malaman kung kailangan mo ang mga iniksyong ito.

## Ang panghadlang na pagbisita sa "Malugod na Pagsali sa Medicare"

Nasasaklawan ng Part B ang minsanang pagrepaso sa iyong kalusugan, at edukasyon at pagpapayo tungkol sa mga serbisyo ng pag-iwas sa loob ng unang 12 buwan na mayroon kang Part B. Kasama ditto ang impormasyon tungkol sa ilang mga pagsusuri, iniksyon, at pagsangguni para sa ibang pangangalaga kung kinakailangan. Ang mga panghadlang na pagbisita sa "Malugod na Pagsali sa Medicare" ay isang mabuting pagkakataon upang makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa mga panghadlang na serbisyo na maaaring kailangan mo, gaya ng ga pagsusuri sa diyabetis.

## Taunang pagbisita sa "Mabuting Kalagayan"

Kung mayroon ka ng Medicare Bahagi B na higit pa 12 buwan, maaari kang kumuha ng taunang pagbisita sa "Mabuting Kalagayan" upang bumuo o baguhin ang pansariling plano ng panghadlang batay sa iyong kasalukuyang kalusugan at mga kadahilanan ng panganib. Kasama dito ang:

- Ang pagsusuri ng kasaysayan ng iyong medikal at pamilya
- Isang listahan ng iyong kasalukuyang tapagkaloob ng pangangalaga at mga inireresetang gamot
- Ang iyong taas, timbang, presyon ng dugo, at ibang mga karaniwang pagsukat
- Ang talaan ng pagsusuri para sa angkop na mga panghadlang na serbisyo
- Isang listahan ng mga kadahilanan ng panganib at mga pagpipiliang paggamot para sa iyo

## Mga suplay at mga serbisyo na hindi sakop ng Medicare

Hindi lahat ay sinasakop ng mga plano ng gamot sa Orihinal na Medicare at Medicare. Halimbawa, hindi nasasaklawan ang mga supply at serbisyon ito:

- Ang mga salamin sa mata at mga eksaminasyon para sa salamin sa mata, maliban sa operasyon para sa katarata
- Sapatos na ortopedik (mga sapatos para sa mga tao na ang mga paa ay mahina, pero buo)
- Kosmetikong pagtitistis

SEKSYON 5

# Mga Makatutulong na Paalala at mga Pinagkukunan

Maraming impormasyon ang magagamit upang makatulong sa iyo na gumawa ng mga pagpili sa pangangalagang pangkalusugan at mga desisyon na tutugon sa iyong ga pangangailangan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsasaklaw ng Medicare.gov/coverage ng mga supply at serbisyo ng diyabetis, pumunta sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

## Mga numero ng telepono at mga websites

**Centers for Disease Control and Prevention (CDC), Department of Health and Human Services (HHS)**

cdc.gov/diabetes
1-800-232-4636

**Find a Health Center**

findahealthcenter.hrsa.gov

**Indian Health Service**

ihs.gov/diabetes

**MyHealthfinder**

healthfinder.gov

**Pambansang Programang Prebensiyon ng Diyabetis**

cdc.gov/diabetes/prevention

**National Institute of Diabetes & Digestive & Kidney Diseases (NIDDK) of the National Institutes of Health (NIH), DHHS**

niddk.nih.gov
niddk.nih.gov/health-information/diabetes
1-800-860-8747 (Clearinghouse)

# Mga Tala

## Maa-access na Komunikasyon ng CMS

Nagbibigay ang Medicare ng mga libreng pandagdag na tulong at serbisyo, kabilang ang impormasyon sa mga maa-access na format, tulad ng braille, malaking print, data/audio na mga file, mga relay na serbisyo at TTY na komunikasyon. Kapag humiling ka ng impormasyon sa maa-access na format, hindi ka malalagay sa disbentahe ng anumang karagdagang oras na kailangan para maibigay ito. Nangangahulugan ito na makakakuha ka ng ekstrang oras para kumilos kung may pagkaantala sa pagsasagawa ng kahilingan mo.

Para humiling ng Medicare o Marketplace na impormasyon sa maa-access na anyo, maaari kang:

**Tawagan kami:** Para sa Medicare: 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)
TTY: 1-877-486-2048.
My Marketplace: 1-800-318-2596. TTY: 1-855-889-4325

1. **Mag-email sa amin:** altformatrequest@cms.hhs.gov.
2. **Padalhan kami ng fax:** 1-844-530-3676.
3. **Padalhan kami ng liham:**

   Centers for Medicare & Medicaid Services
   Offices of Hearings and Inquiries (OHI)
   7500 Security Boulevard, Mail Stop DO-01-20
   Baltimore, MD 21244-1850
   Attn: Customer Accessibility Resource Staff

Ang kahilingan mo ay dapat kasama ang iyong pangalan, numero ng telepono, klase ng impormasyong kailangan mo (kung alam) at ang address sa koreo kung saan namin dapat ipadala ang materyales. Maaari ka naming kontakin para sa karagdagang impormasyon.

**Tala:** Kung naka-enroll ka sa isang Medicare Advantage o Medicare Prescription Drug Plan, maaari mong kontakin ang plano mo para hilingin ang mga impormasyon nila sa maa-access na format. Para sa Medicaid, kontakin ang iyong Estado o lokal na tanggapan ng Medicaid.

## Abiso sa Walang Diskriminasyon

Ang Centers for Medicare & Medicaid Services (CMS) ay hindi nagbubukod, tumatanggi ng mga benepisyo sa, o kung hindi man ay nagdidiskrimina laban sa sinumang tao sa batayan ng lahi, kulay, pambansang pinagmulan, kapansanan, kasarian (kasama ang seksuwal na oryentasyon at pagkakakilanlang kasarian) o edad sa pagpasok sa, partisipasyon sa o pagtanggap ng mga serbisyo at benepisyo sa ilalim ng alinman sa mga programa at aktibidad nito, ito man ay isinagawa ng CMS nang direkta o sa pamamagtian ng kontratista o anumang ibang entidad kung saa inaayos ng CMS para isagawa ang mga programa at aktibidad nito.

Maaari kang makipag-ugnay sa CMS sa alinman sa mga paraang kasama sa abisong ito kung may anumang alalahanin ka sa pagkuha ng impormasyon sa anyong magagamit mo.

Maaari ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay sumailalim ka sa diskriminasyon sa isang programang CMS o aktibidad,kabilang ang pagkaranas ng mga isyu sa pagkuha ng impormasyon sa maa-acccess na anyo mula sa anumang Medicare Advantage Plan, Medicare Prescription Drug Plan, Estado o lokal na tanggapan ng Medicaid, o Marketplace Qualified Health Plans . May tatlong paraan para magsampa ng reklamo sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights:

1. **Online:** hhs.gov/civil-rights/filing-a-complaint/complaint-process/index.html.
2. **Sa telepono:** Tumawag sa 1-800-368-1019. Ang gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-800-537-7697.
3. **Nakasulat:** Magpadala ng impormasyon tungkol sa reklamo mo sa:

    Office for Civil Rights
    U.S. Department of Health and Human Services
    200 Independence Avenue, SW
    Room 509F, HHH Building
    Washington, D.C. 20201

**U.S. DEPARTMENT OF
HEALTH AND HUMAN SERVICES**

**Centers for Medicare & Medicaid Services**
7500 Security Boulevard
Baltimore, Maryland 21244-1850

Opisyal na Tungkulin
Parusa sa Pribadong Paggamit, $300

CMS Product No. 11022-T (Tagalog)
June 2023

**Medicare Coverage of Diabetes Supplies, Services, & Prevention Programs**

- Medicare.gov
- 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)
- TTY: 1-877-486-2048

CMS
CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES